



GABAY NG MAPAGKUKUNAN PARA SA MGA IMIGRANTE NA TAGA-NEW YORK

Sinusuportahan ng Lungsod ng New York ang lahat ng kanyang residente, anuman ang katayuan sa imigrasyon. Isang tawag sa telepono o click lamang ang kailangan para makakuha ng tulong sa higit 200 wika. **Narito ang isang simpleng gabay para tulungan kang magsimula:**

LEGAL NA TULONG SA IMIGRASYON

- Tumawag sa ActionNYC sa **1-800-354-0365** Lunes hanggang Biyernes, 9 AM – 6 PM para sa libre at ligtas na tulong legal sa imigrasyon
- Tumawag sa **311** at sabihin ang **"citizenship appointment"** ("**appointment ukol sa pagkamamamayan**") o bumisita sa **NYC.gov/NYCitizenship** para sa libreng tulong tungkol sa aplikasyon para sa pagkamamamayan at payong pinansyal, na makukuha sa mga piling pampublikong aklatan
- Mag-ingat sa mga tagapagkaloob ng serbisyo ng imigrasyon na sinasamantala ang kanilang mga kostumer. Tumanggap lamang ng tulong mula sa mapagkakatiwalaan at lisensyadong abogado o kinatawan na may akreditasyon. Para sa mga tanong tungkol dito, **tawagan ang New Americans Hotline sa 1-800-566-7636** mula 9AM-8PM mula Lunes hanggang Biyernes

PAGPROTEKTA & PAGPAPALAKAS SA MGA PAMILYA



PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Kailangan ng Lahat ng Tao ng Tulong Kahit Minsan, at Walang Dapat na Naghihirap Nang Mag-isa. Magagamit sa lahat ang mura na pang-emerhensya at hindi pang-emerhensyang pangangalagang pangkalusugan sa mga pampublikong ospital at klinika at sa ibang abot-kayang klinika. Ang NYC Well ay ang libre at kumpidensyal na serbisyo ng Lungsod ng New York para sa suporta, interbensyon sa krisis, impormasyon at pagsangguni para sa sinumang naghahanap ng tulong para sa kalusugang pangkaisipan at/o mga alalahanin sa maling paggamit ng droga, na magagamit 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, 365 araw sa isang taon, sa higit 200 wika. **Tumawag sa 1-888-NYC-Well o magpadala ng text na WELL sa 65173.**



PANGANGALAGA SA BATA

Libre o Murang Pangangalaga sa Bata. Ang mga pamilyang may mababang kita na may mga anak na may edad 6 na linggong gulang hanggang 12 taong gulang ay maaaring makatanggap ng libre o murang pangangalaga sa bata. **Bisitahin ang NYC.gov/ACS o tumawag sa 311 upang matuto pa.**



EDUKASYON

I-enroll ang Iyong Mga Anak sa Paaralan. May karapatan ang bawat bata sa Lungsod ng New York sa edukasyon sa pampublikong paaralan, anuman ang katayuan sa imigrasyon o wikang ginagamit. Kwalipikado ang mga bata na 4 na taong gulang o magiging 4 na taong gulang para sa pre-kindergarten (Pre-K) at lahat ng mga residente ay may karapatang pumasok sa pampublikong paaralan mula 5 taong gulang hanggang sa pagtatapos o hanggang sa dulo ng taon ng paaralan kapag umabot sila sa 21 taong gulang. Upang mag-enroll sa 3-K, Pre-K, o anumang paaralan ng DOE, **tumawag sa 311 o bisitahin ang schools.nyc.gov/enrollment.**



PANG-EMERHENSYANG PAGKAIN AT TIRAHAN

Libreng Pagkain Para sa Mga Nangangailangan. Nagbibigay ng libreng pagkain sa mga nangangailangan ang ilang mga lugar sa buong NYC. Makatutulong ang programang Homebase sa mga residente upang maiwasang pumasok sa shelter system (programa sa pansamantalang pabahay). **Bumisita sa NYC.gov/Homebase o tumawag sa 311 upang matuto pa.**

PAGPAPANATILING LIGTAS ANG ATING KOMUNIDAD



KALIGTASAN NG PUBLIKO

Hindi nagsasagawa ang Lungsod ng pagpapatupad ng mga batas sa imigrasyon. Hindi nagtatanong ang NYPD tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng mga biktima ng krimen, mga saksi, o iba pang taong naghahanap ng tulong. Ang sinumang naging biktima ng hate crime (krimen ng pagkamuh), o hindi sigurado kung siya ay naging biktima, ay dapat makipag-ugnayan sa NYPD. **Upang direktang makipag-ugnayan sa NYPD Hate Crimes Task Force, tumawag sa 1-646-610-5267.**



MGA PROTEKSYON LABAN SA DISKRIMINASYON

May karapatan ang lahat ng mga taga-New York na maging malaya mula sa labag sa batas na pandidiskrima, paghihiganti, at panliligalig sa trabaho, pabahay, at mga pampublikong lugar. Upang magsampa ng reklamo o matuto pa, **tumawag sa 311 o tumawag sa NYC Commission on Human Rights (Komisyon ng Karapatang Pantao ng NYC)** sa 1-718-722-3131.

KUNIN ANG IYONG LIBRENG IDNYC – CARD NG PAGKAKAKILANLAN



Upang kunin ang iyong IDNYC, gumawa ng appointment ngayon. Tumawag sa 311 at sabihin ang "IDNYC" o bisitahin ang NYC.gov/IDNYC. Ang IDNYC ay isang libreng card ng pagkakakilanlan para sa lahat ng mga taga-New York na may edad 10 taong gulang pataas at nagbibigay ito ng dose-dosenang benepisyo. **Hindi** nangongolekta ang IDNYC ng impormasyon ng katayuan sa imigrasyon, at kumpidensyal ang impormasyon ng mga aplikante. Poprotektahan ng Lungsod ang impormasyon ng IDNYC hanggang sa pinahihintulutan ng batas.

Sa pamamagitan man ng telepono, online, o personal, nandito ang Tanggapan ng Punong Bayan sa Immigrant Affairs upang tulungan ka. Direkta kaming tawagan sa 1-212-788-7654 mula 9 AM – 5 PM, Lunes hanggang Biyernes. O kaya, bisitahin ang isa sa aming tatlong NYC Immigrant Information Desk (Desk ng Impormasyon Para sa mga Imigrante ng NYC), na mahanap mo sa NYC.gov/ImmigrantInfoDesk.